

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

**New Year's Card sa Yumemigasaki Zoo**

夢見ヶ崎動物園 年賀状店


325

Ngayong bagong taon, padalhan natin ng New Year's greeting Cards ang mga hayop sa Yumemigasaki Zoo!!

Mula sa ika-1 (Martes) ng Enero, 2008 hanggang ika-10 (Huwebes), nananawagan sa lahat na magpadala ng mga poskard sa mga paboritong hayop; maaaring ito ay litrato ng hayop o sariling drowing. Ang lahat ng mga matatanggap na poskard ay idi-display sa loob ng Yumemigasaki Zoo mula ika-19 (Sabado) ng Enero hanggang ika-28 (Lunes) ng Enero.

Ipadala ang mga Poskard sa: 212-0055 Kawasaki shi, Miyamae-ku, Minami Kase 1-2-1 Yumemigasaki Doubutsu Koen {Nengajyo Gakari}.

Upang makarating sa Yumemigasaki Zoo, sumakay ng bus mula JR Kawasaki Nishi guchi at bumaba ng [Yumemigasaki Doubutsu Koen Mae] o di kaya'y maglakad ng 20 minutos mula sa JR Kashimada at 15 minutos naman mula JR Shin Kawasaki. Sa mga katanungan, tumawag sa 044-588-4030. Yumemigasaki Doubutsu Koen.

**Kolekta ng Basura**

年末年始のごみ収集

326

Sa pagtatapos ng taon, ang pangungulekta ng basura para sa lugar na pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes ay magtatapos sa ika-30 araw ng Disyembre (Linggo), samantalang ang pang-Martes, Huwebes at Sabado ay magtatapos ng ika-31 araw ng Disyembre (Lunes).

Mag-uumpisa ng pangungulekta para sa lugar na ang koleksyon ng basura ay pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes sa ika-4 ng Enero (Biyernes) at para sa pang-Martes, Huwebes at Sabado ay sa ika-5 ng Enero (Sabado)

Ang mga pwedeng i-recycle na bagay ay kukulektahin sa ika-24 ng Disyembre at mag-uumpisa sa ika-7 ng Enero.

Ang mga malalaking basura naman ay maaaring itawag hanggang ika-28 ng Disyembre (Biyernes) sa teleponong: 044-930-5300. Para sa mas detalyadong bagay, magtanong sa Seikatsu kankyo jigyousho sa lugar na malapit sa inyong tirahan.

**Mga Klinikang pang-emerhensiya sa araw ng pahinga**

休日急患診療所

327

Ang biglaang pagkakaroon ng lagnat sa araw ng pahinga o bakasyon ay di inaasahang pangyayari. Sa ganitong pagkakataon, nakalaan ang klinikang pang-emerhensiya upang tugunin ang pangangailangang ito bagama't ito ay parang first-aid lamang. Ang klinika para sa Internal at Pediatrics ay mapapakinabangan tuwing Linggo at araw ng Pistang opisyal kasama ang ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero, mula alas 9 ng umaga hanggang 11:30, 13:00 hanggang 16:00.

Ang mga telepono ng klinika sa bawat ward:

Kawasaki Holiday Emergency Clinic =211-6555

Saiwai Holiday Emergency Clinic = 555-0885

Nakahara Holiday Emergency Clinic=722-7870

Takatsu Holiday Emergency Clinic = 811-9300

Miyamae Holiday Emergency Clinic =853-2133

Tama Holiday/Night Emergency Clinic =933-1120

Asao Holiday Emergency Clinic =966-2133

*May pagkakaiba sa oras kaya't tumawag muna bago magsadya sa nais puntahang Klinika.



PAUNAWA


ハローワーク川崎移転の案内

Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre

Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2

Telepono:044-244-8609 Fax:044-233-4343

Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:



Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon

新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-20 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatanggi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala at sakop ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/